KIMIS SA KATITIKAN NG KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NGAYONG IKA 20 NG NOBYEMBRE 2013.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Edmond E. Arive | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Maximino V. Gervacio | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Gerardo S. Ruz | Kagawad |
| | Kgg. Alexander R. Guerrero | Kagawad |
| | Kgg. Arcangel T. Ruz, Sr. | Kagawad |
| | Kgg. Lope C. Valmonte | Kagawad |
| | Kgg. Lodovico R. De Leon | Kagawad |
| | Kgg. Alejandro A. Camato | Kagawad - Liga Pres. |
| | Kgg. Love Joy R. Padrid | Kagawad - SK Pres. |
| DI DUMALO: | Kgg. Ronnie S. Cudia | Kagawad (Sick Leave) |

**KAPASYAHAN BLG. 150-S-2013**

ISANG KAPASYAHAN/KAUTUSANG PINAGBABAWAL ANG PAGDARAOS NG KARERA NG SINGLE NA MOTORSIKLO AT TRICYCLE SA MGA PANGUNAHING KALSADA SA KALYE NG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA.

YAYAMANG, ang karera ng motorsiklo ay nagiging malimit na, at upang mapangalagaan ang pagiwas sa aksidente ng mga minor de edad na siyang gumagawa nito, kung kayat;

Sa mungkahi ni kagawad Lodovico R. De Leon na pinangalawahan naman ng lahat ng kagawad na dumalo, mangyari na;

IPINASIYA, gaya nang ngayon ay Ipinapasya ng Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija na Pagtibayin ang Kapasyahan Blg. 150-s-2013/ Ordinansa Blg. 126-s-2013.tulad ng sumusunod:

**ORDINANSA BLG. 126-S-2013**

**SEKSIYON. I** – ANG KAUTUSAN: Mahigpit na pinagbabawal ng Sangguniang Bayan ng Bongabon ang mga sumusunod:

a. **Pagdaraos ng karera ng single na motorsiklo at tricycle sa mga pangunahing kalsada/lansangan at kalye ng Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija.**

**SEKSIYON II**-ANG MULTA:

a. Unang Paglabag:
Multa ng Isang Libong (P 1,000.00) Piso at community service na apat (4) na oras

b. Pangalawang Paglabag
Multa ng Dalawang Libong (P 2,000.00) Piso at community service na anim (6) na oras

k. Pangatlong Paglabag
Multa ng Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso, community service na walong (8) oras at cancellation ng legalization para sa tricycle.

**SEKSIYON III-** Ang motorsiklo/tricycle na nahuli ay i-impound sa PNP Bongabon Station, para sa barangay na nasa Poblacion , at sa malalayong barangay ay sa Barangay Hall na sumasakop, makukuha ito ng may-ari kung siya ay makapag bayad na ng nararapat na multa lakip ang Official Receipt na pinagbayaran.

**SEKSIYON IV-** Ang minor de edad na mahuli, bago ma release sa Tanggapan ng Pulisya o sa Barangay concerned ay kinakailangang naroon ang magulang.

**SEKSIYON IV**-ANG MGA TAGAPAGPATUPAD NG KAUTUSAN:

Ang awtoridad sa Bayang ito na kinabibilangan ng Philippine National Police na sumasakop sa Bayang ito, at Punong Barangay na may sakop at hepe ng Tanod na may authorization ng Punong Barangay.

PINAGTIBAY NG LAHAT:

Pinagtibay ngayong ika 20 ng Nobyembre 2013,dito sa Bayan ng Bongabon, Lalawigan ng Nueva Ecija.

**KGG. EDMOND E. ARIVE**
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapangulo ng Pulong)

KGG. MAXIMINO V. GERVACIO
Kagawad

KGG. ARCANGEL T. RUZ, SR.
Kagawad

KGG. HERNAN P. ANDRES
Kagawad

KGG. LOPE C. VALMONTE
Kagawad

KGG. GERARDO S. RUZ
Kagawad

KGG. LODOVICO R. DE LEON
Kagawad

KGG. ALEXANDER R. GUERRERO
Kagawad

KGG. ALEJANDRO A. CAMATO
Kagawad-Liga Pres.

KGG. LOVE JOY R. PADRID
Kagawad-SK Pres.

**KGG. ALLAN XYSTUS A. GAMILLA**
Punong Bayan

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng Kapasyahan/Kautusang sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

CARMENCITA P. CARPIO
Kalihim ng Sangguniang Bayan